

California's Citizens Redistricting Commission

"Fair Representation—Democracy At Work!"



Citizens Redistricting Commission

Organisadong Mga Pagtatanghal ng Pangkat

Huwebes, Mayo 26, 2011 (9:00 a.m. – 6:00 p.m.)

Biyernes, Mayo 27, 2011 (9:00 a.m. – 12:00 p.m., kung kailangan)

California State University, Northridge

Kurland Lecture Hall, Performing Arts Center

1811 Nordoff Street

Northridge, CA 91330

Ang Commission ay magsasagawa ng pulong sa Southern California para sa pagtatanghal ng pang-buong estado at mga rehiyonal na mapa ng distrito na organisado ayon sa mga pangkat. Ang pulong ay isasagawa sa ika-26 ng Mayo, mula 9:00 a.m. - 6:00 p.m. at ika-27 ng Mayo, mula 9:00 a.m. – 12:00 p.m., kung kailangan) sa California State University, Northridge.

Ang mga pangkat ay magkakaroon ng 15 minuto para sa kanilang pagtatanghal ng mga mapa ng distritong Kongresyonal, 15 minuto para sa mga mapa ng distritong Asembliya, at 15 minuto para sa mga mapa ng distrito ng Senado ng Estado. Ang bawat pagtatanghal ng mga mapa ay may sampung minutong panahon para sa mga paglilinaw na tanong ng mga Komisyoner. Sa panahon ng tanong at sagot, mayroong dalawang minutong limitasyon sa anumang tanong mula sa Komisyoner.

Ang mga organisasyon na nais magtanghal sa Komisyon ay maaaring magparehistro nang online sa pamamagitan ng pag-e-mail ng kanilang pangalan ng pangkat, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at aling uri ng mga mapa ng distrito ang itatanghal nila, sa votersfirstact@crc.ca.gov o sa pagtawag sa 866-356-5217. Ang mga deadline sa pagrehistro upang magtanghal sa mga pulong ay 5:00 p.m. ika-18 ng Mayo. Ang rehistrasyon ay nasa batayang unang dumating unang pagsisilbihan. Ang mga pangkat ay maaaring magpatala makalipas ang deadline sa ika-18 ng Mayo ngunit ilalagay sa huling bahagi ng rehistrasyon kung mayroon pang natitirang puwang para sa pagtatanghal sa loob ng balangkas ng oras na pinahintulutan para sa pulong. Walang pangkat ang pahihintulutang magpatala sa aktuwal na araw ng mga pagtatanghal.